## Hindi ka sigurado kung paano ma-access itong mga proteksyon ng visa?

Magtanong sa isang unyon, sentrong pambatas sa komunidad o suportang serbisyo para sa migrante.

---

**Queensland Migrant WorkWise**

QLDMIGRANTWORKWISE.COM

This material was developed with funding from the Australian Government

Kung mayroong nararamdamang mali sa trabaho o hindi nasusunod ang mga kondisyon sa iyong visa, ito ang mga dapat mong gawin

# PAANO MAG-ULAT NG PAGSASAMANTALA SA LUGAR NG TRABAHO

**Queensland Migrant WorkWise**

Tagalog

# Mga Proteksyon ng Visa

Ipinakilala ng Pamahalaan ng Australia ang mga bagong proteksyon para sa mga may hawak ng pansamantalang visa na nakaranas ng pagsasamantala sa lugar ng trabaho. Ang mga proteksyong ito ay dinesenyo na makatulong sa iyo na i-ulat mo ang pagsasamantala nang  walang takot ng pagkansela ng visa.

Ang **Workplace Justice Visa** ay isang pansamantalang visa na nagpapahintulot sa ilang may mga hawak ng pansamantalang visa o kamakailan lang humawak ng pansamantalang visa na manatili sa Australia upang makagawa ng aksyong ligal kung sila ay pinagsamantalahan sa trabaho.

Ang **Strengthening Reporting Protections (SRP)** ay isang pambansang inisyatiba na pinoprotektahan ang mga may hawak ng pansamantalang visa mula sa pagkansela ng kanilang visa kung sila ay mag-uulat ng mga pagsasamantala sa lugar ng trabaho. Hinahayaan nitong lumantad ang mga manggagawa nang walang takot, kahit na nilabag nila ang kondisyon ng kanilang visa.

## 1 Kausapin ang iyong mga kasamahan:

Tanungin ang mga kasamahan mo sa lugar ng trabaho kung sila ay napagsasamantalahan din ng inyong amo.

## 2 Itabi ang mga talaan:

Gumamit ng kuwaderno upang subaybayan:

- Ang mga oras na nagtrabaho
- Oras ng simula/ oras ng tapos
- Mga pahinga
- Bayad na natanggap (cash o iba pa)
- Anumang hindi patas na pagtrato (petsa, oras, lokasyon, sino ang naroroon)


## 3 Makipagtulungan sa mga imbestigador:

Kung ang Fair Work Ombudsman o kawani ng unyon ay bibisita sa iyong lugar ng trabaho, makipagtulungan.  Maaari mo silang katagpuin sa labas ng iyong lugar ng trabaho kung kinakailangan.

## 4 Paghandaang i-ulat ang checklist:

- ABN, ligal/pangalan ng negosyo ng iyong amo
- Petsa ng pagsisimula sa trabaho
- Award o enterprise agreement (kung naaangkop)
- Mga payslip, resibo, kontrata sa trabaho
- Anumang kaugnay na mensahe o email


## MGA PALATANDAAN NG PAGSASAMANTALA O HINDI PAGSUNOD



Kulang na kabayaran



Pagpilit na labagin ang mga kondisyon ng visa




Sekswal na pamimilit



Pagbabanta na kakanselahin ang iyong visa



Mahirap na kalagayan ng pamumuhay



Pagkuha sa iyo ng iyong passport